Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

3

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

## Filipino

**IKAAPAT NA MARKAHAN-MODYUL 1**

**Mga Bumuo ng Modyul**

Manunulat: WINDE P. GUIRON
Tagaguhit: Rhea R. Acosta
Mga Tagasuri ng Nilalaman: RHODELLA V. RAMIREZ
ELMER D. ORDANIEL
Tagasuri ng Wika: RHODONA V. TUGNA
PERLIE O. SABANG
Tagapamahala:
**DR. MALCOLM S. GARMA**, Regional Director-NCR
**DR. MARGARITO B. MATRUM**, Schools Division Superintendent
**DR. GEORGE O. TIZON,** SGOD Chief
**DR. ELLERY G. QUINTIA**, CID Chief
**MA. GLORIA G. TAMAYO**, Regional EPS-Filipino
**DR. JENNIFER G. RAMA**, Division EPS-Filipino
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Supervisor
**DR. DAISY L. MATAAC**, Division LR Supervisor/ALS
**NANCY C MABUNGA**, Regional Librarian

**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili**

# Aralin 1 — Salitang Klaster at Diptonggo

## Inaasahan

***Sa pagtatapos ng aralin, inaasahang:***

1. Napagsasama ang mga katinig, patinig upang makabuo ng salitang klaster. (**F3KP-IIIh-j-11**)
2. Napagsasama ang mga katinig at patinig upang makabuo ng salitang may diptonggo. (**F3KP-Ivi-11**)

## Unang Pagsubok

**Panuto:** Basahin ang pangungusap at bilugan ang letra ng wastong sagot.

1. Kami ay nagbakasyon sa probinsiya noong nakaraang taon. Ang salitang may salungguhit ay halimbawa ng__________.
   A. kilos　　C. klaster
   B. patinig　　D. diptonggo

2. Ang aking nanay ay masarap magluto ng paborito kong ulam. Piliin sa pangungusap ang salitang may diptonggo.
   A. ulam　　C. paborito
   B. nanay　　D. masarap

3. Tuwing bakasyon, masaya kaming naglalaro ng tumbang-preso, luksong-tinik at tagu-taguan. Sa anong titik nag-uumpisa ang mga salitang may salungguhit?
   A. patinig　　C. klaster
   B. katinig　　D. diptonggo

4. Masaya kaming nanood ng programa sa aming paaralan. Piliin sa pangungusap ang kambal katinig.
   A. Masaya C. programa
   B. paaralan D. pangungusap

5. Pinunasan ni Nilo ang <u>plorera</u> ng kaniyang ina. Anong klaster nagsisimula ang salitang may salungguhit?
   A. kl B. bl C. pl D. tr

## Balik-Tanaw

**Panuto**: Salungguhitan ang tamang pang-ukol sa loob ng panaklong upang mabuo ang pangungusap.

1. Ang mga opisyal ng *PHIVOLCS* ay may ulat (laban sa, **para sa**, **tungkol sa**) pag-aalboroto ng Bulkang Taal.
2. (**Alinsunod sa**, **Ayon sa**, **Labag sa**) *PHIVOLCS*, may posibilidad na pumutok ang Bulkang Taal anumang oras.
3. Pinaalis ang mga residente (**sa**, **para sa**, **batay sa**) mga lugar na mapanganib kung sakaling pumutok ang Bulkang Taal.
4. Ang paglikas ng mga mamamayan ay (**laban sa**, **hinggil sa**, **alinsunod sa**) utos ng lokal na pamahalaan.
5. Ginawang pansamantalang tirahan (**sa**, **para sa**, **ayon sa**) *evacuees* ang mga pampublikong paaralan.

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Halika't maglakbay tayo sa ating bansa upang makita natin ang kagandahan nito. Basahin ang sumusunod na seleksyon.

**Sakay Na!**

Sak**ay** na sa makul**ay** na **dy**ip. Dito lamang sa Pilipinas matatagpuan! Sa ilang segundo, tayo ay aarangkada na papuntang **pr**obinsiya. Isa... dalawa... tatlo...

Una nating silipin ang Puerto **Pr**insesa *Underground River* sa Palawan. Itinanghal na isa sa mga pinakabagong magagandang tanawin sa buong mundo kaya naman hindi ito nauubusan ng turistang lokal at dayuhan. Ang kuwebang ito ay may ilog na dumadal**oy** sa habang 8.2 kilometro. Upang malakb**ay** ang kahabaan nito, kailangan mong sumak**ay** sa isang bangka upang masaksihan ang pambihirang iba't ibang hugis ng bato na nililok sa pamamagitan ng patak ng tubig sa nakalipas na daanlibong taon.

Kilalanin din natin ang tinaguriang *Salad Bowl* ng Pilipinas. Ito ay napaliligiran ng probinsiya ng Baguio at La Trinidad. Sa lugar na ito makikita ang paglago ng *strawberries* sa bansa kaya tinawag din itong *Strawberry Country*. Bukod sa *strawberries* may iba't ibang uri ng **pr**utas at gul**ay** na nakatanim dito. Tara na sa lalawigan ng Benguet!

Tinagong Dagat ang sunod nating destinasyon. Ito ay isang nakatagong lawang matatagpuan sa talampas sa tuktok ng bundok na may sukat na humigit-kumulang tatlong ektarya at lalim na nasa 80 metro. Dito makikita ang iba't ibang isda. Napaliligiran din ito ng makapal na gubat kung saan gumagala ang lig**aw** na hayop. Tayo na sa Lambunao, Iloilo upang mapasyalan ito.

Sa Mindanao naman, makikita ang Talon ng Maria Cristina sa dulo ng Ilog Agus. Ito ay kilala sa kagandahan na may taas na 320

talampakan bukod pa sa ito ang pangunahing pinagkukunan ng kuryente sa Iligan.

Ilan lang ito sa puwede nating pasyalan sa ating bansa. Hanggang sa muling pagsakay sa ating pambihirang dyip.

Mula sa binasang sanaysay "Sakay Na!" narito ang ilang salitang klaster at diptonggo.

| **Klaster** | **Diptonggo** |
|---|---|
| dyip | sakay |
| probinsya | makulay |
| prinsesa | dumadaloy |
| prutas | malakbay |
| Cristina | ligaw |

**A**lam mo ba?

Ang binasa mong teksto ay nagtataglay ng mga salitang may klaster at diptonggo.

Ang **salitang klaster** ay mga salitang mayroong magkadikit o magkatabi na dalawang magkaibang katinig na matatagpuan lamang sa iisang pantig.
Halimbawa: **br**aso, **gr**asa, **pl**ato, **kl**ase, **pl**antsa


Ang mga **diptonggo** ng Filipino ay **aw**, **iw**, **ay**, **ey**, **iy**, **oy** at **uy**. Ito ay tumutukoy sa pinagsamang tunog ng isang patinig ( a, e, i, o, u ) at isang malapatinig ( w, y ) sa loob ng isang pantig.


Halimbawa: gul**ay**, kah**oy**, al**iw**, il**aw**

# Gawain 1


**Panuto:** Punan ang patlang para mabuo ang salitang klaster na angkop sa larawan.


Guhit ni:Rhea R. Acosta


Guhit ni: Rhea R. Acosta


Guhit ni: Rhea R. Acosta

1. __ __ aso
2. __ __ ipo
3. __ __ us


Guhit ni: Rhea R. Acosta


Rhea R. Acosta

4. __ __ ato
5. __ __ inelas

## Gawain 2

**Panuto:** Isulat sa patlang ang diptonggo na akma sa larawan.



Guhit ni: Winde P. Guiron


Guhit ni:WINDE P. GUIRON


Guhit ni: WINDE P. GUIRON

1. ____________ 2. _____________ 3. _____________


Guhit ni: Rhea R. Acosta


Guhit ni: Rhea R. Acosta

4. ____________ 5. ___________

## Gawain 3

**Panuto:** Isulat sa tamang kahon ang mga sumusunod na salita.

palay     blusa     plorera     baywang     daloy

| **Salitang Klaster** | **Diptonggo** |
|---|---|
| | |

## Tandaan

Sa pagbuo ng salitang klaster, pinagsasama ang dalawang magkaibang katinig sa isang pantig lamang. Ang katinig-katinig-patinig o KKP ang porma ng salitang may klaster. Ito ay maaaring matagpuan sa unahan o gitna ng salita.

Nabubuo ang diptonggo kung ang patinig na sinusundan ng malapatinig na w at y.

## Pag-alam sa mga Natutuhan

Paano nabubuo ang salitang klaster?
Paano masusuri o malalaman kung ang isang salita ay diptonggo?

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto**: Buuin ang mga salita gamit ang angkop na diptonggo o klaster.

1. _ _orera - lalagyanan ng bulaklak
2. sukl_ _ - isang pang ayos sa buhok
3. ar _ _ - nagbibigay ng liwanag.
4. _ _ insesa - anak na babae ng hari at reyna
5. bah_ _ - tirahan

# Susi sa Pagwawasto

| Unang Pagsubok | BALIK ARAL | Gawain 1 | Gawain 2 |
|---|---|---|---|
| 1. C | 1.Tungkol sa | 1. Br | 1.Bah**ay** |
| 2. B | 2. Ayon sa | 2. Gr | 2. Sis**iw** |
| 3. B | 3 sa | 3. Kr | 3. Gul**ay** |
| 4. C | 4. alinsunod sa | 4. Pl | 4. Kas**oy** |
| 5. C | 5. Para sa | 5. Ts | 5. Sig**aw** |

| Gawain 3 | PANGWAKAS NA GAWAIN |
|---|---|
| Salitang Klaster | 1. **Pl**orera |
| 1. Blusa | 2. Sukl**ay** |
| 2.Plorera | 3. Ar**aw** |
| Diptongo | 4.**Pr**insesa |
| 1.Palay | 5. bah**ay** |
| 2. Baywang | |
| 3.daloy | |

# Sanggunian

https://tl.wikipedia.org/wiki/Pantig

https://slideshare.com/ph/salitang-klaster-filipino-klsdk2nsdnjks45abcuiafguqodaDksakd02939https://www.myph.com.ph/2011/09/diptonggo-at-klaster-o-kambal-katinig.html#.YD9UKY4zbIUhttps://www.facebook.com/2Masigla/posts/filipino-week-2patinig-katinig-kambal-katinigdiptonggo-at-klasterpag-aralan-ang-/202871941535190/https://samutsamot.files.wordpress.com/2014/10/pagpili-ng-tamang-pang-ukol_2.pdf

Filipino 3 LM